

Novel Coronavirus (COVID-19)

Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County Gabay para sa mga Kawani sa Pag-iingat (Custodial Staff)

Ang bawat amo/employer ay dapat magkaroon ng mga polisiya para sa proteksyon ng manggagawa at magkaloob ng pagsasanay sa mga kawani sa pag-iingat (custodial staff) na kinabibilangan ng: wastong paglilinis at mga pamamaraan sa pagdidisimpekta; kung kailan gagamit ng espesyal na kasuotan o personal na pamproteksyong kagamitan (PPE), at kung papaano wastong itatapon ang mga basura kapag nakumpleto na ang paglilinis.

Ang gabay na ito ay para sa mga kawani sa pag-iingat (custodial staff) na nagkaloob ng mga serbisyo ng paglilinis sa mga pampublikong lugar. HINDI nito pinapalitan ang nakagawiang mga paraan sa paglilinis at pagdidisimpekta ngunit nagkaloob ng karagdagang impormasyon upang pigilin ang pagkalat ng mga virus sa palahingahan gaya ng COVID-19. Ang pagsunod sa mga gabay sa paglilinis ay nagsisiguro na ang mga pasilidad ay epektibong nalilinis, habang wastong pinoprotektahan ang mga kawani sa pag-iingat.

Tingnan ang Dokumentong [Paglilinis sa mga Setting na Grupo](#) at ang Matrix ng [Paglilinis at Pagdidisimpekta](#) na nakapaskil sa COVID-19 webpage ng pampublikong kalusugan para sa karagdagang impormasyon.

Personal na Pamprotektang Kagamitan (PPE)

- Magsuot ng isang telang pantakip ng mukha sa lahat ng oras sa araw ng trabaho kapag nakikisalamuha o malamang na makikisalamuha sa ibang mga tao.
- Magsuot ng patapon na mga guwantes habang ginagawa ang mga tungkulin ng kawani sa pag-iingat.
- Magsuot ng googles/panangga sa mukha, kung ang mga kemikal ay maaaring tumilamsik.
- Magsuot ng naaangkop na pamprotektang kasuotan (apron) alinsunod sa mga umiiral na polisiya.
- Maingat na tanggalin ang mga guwantes at itapon ang mga ito sa basurahan pagkatapos na gamitin.
- Kaagad na hugasan ang iyong mga kamay o gumamit ng hand sanitizer.

Ligtas na mga Kasanayan

- Limitahan ang malapitang pakikisalamuha sa ibang mga tao sa pamamagitan ng pagpapanatali ng distansya na hindi bababa sa 6 na talampakan, kapag maaari.
- Labahan araw-araw ang mga telang pantakip sa mukha
- Magsagawa ng nakagawiang paglalaba ng mga damit/uniporme sa pagtatrabaho.
- Iwasan ang paghawak sa mga mata, ilong o bibig gamit ang hindi nahugasang mga kamay.
- Takpan ang iyong pag-ubo o pagbahing gamit ang isang tisyu o iyong siko (hindi mga kamay mo).

Paghuhugas ng Kamay

- Regular na hugasan ang iyong mga kamay gamit ang sabon at tubig nang hindi bababa sa 20 segundo.
- Tuyuin ang mga kamay gamit ang isang malinis na tuwalya o patuyuin gamit ang hangin.
- Kung ang sabon at tubig ay hindi agad magagamit, gumamit ng isang hand sanitizer na nakabatay sa alkohol na naglalaman ng hindi bababa sa 60% alkohol.
- Ang mga importanteng oras para linisan ang mga kamay sa trabaho ay kinabibilangan ng:
 - Bago at pagkatapos ng mga shift sa trabaho
 - Bago at pagkatapos ng mga panandaliang pahinga (breaks) sa trabaho
 - Pagkatapos na kumpletuhin ang mga gawain sa pag-iingat at pagkatapos na tanggalin ang mga guwantes

Novel Coronavirus (COVID-19)

Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County Gabay para sa mga Kawani sa Pag-iingat (Custodial Staff)

- Pagkatapos na isuot, hawakan, o tanggalin ang telang pantakip sa mukha
- Mga karagdagang oras para linisan ang mga kamay:
 - Bago, habang, at pagkatapos ng paghahanda ng pagkain
 - Bago kumain ng pagkain
 - Pagkatapos gamitin ang banyo
 - Pagkatapos suminga, umubo, o bumahing

Paano Maglinis at Magdisimpekta

- Linisin nang madalas ang lahat ng mga ibabaw na madalas mahawakan o “high touch” surfaces gaya ng mga counter, itaas ng mesa, hawakan ng pinto, suwits ng ilaw, nakapirming gamit sa banyo, banyo, basurahan, telepono, remote control, keyboard, tablet at mga mesang nasa tabi ng kama. Gumamit ng isang produkto na rehistrado sa Environmental Protection Agency (EPA) na nakakalinis (nagtatanggal ng mga mikrobyo) at nakapagdisimpekta (pumapatay ng mga mikrobyo).
- Palaging sundin ang mga instruksyon na nasa mga tatak ng mga produkto sa paglilinis at mga pandisimpekta.
- Kung posible, buksan ang mga pinto at bintana kapag naglilinis.
- Matitigas at walang butas na mga ibabaw:
 - Punasan at/o kuskusin ang mga ibabaw tulad ng: mga sahig, talahanayan, mesa, counter, lababo, banyo, at iba pang kasangkapang-bahay at kagamitan na may matigas na ibabaw gamit ang pang-araw-araw na mga suplay sa panglinis na ginagamit ng dyanitor o sabon/sabong panglinis at maligamgam na tubig para tanggalin ang dumi, dungis at mga mikrobyo.
 - Disimpektahin ang parehong mga ibabaw gamit ang isang pandisimpekta na rehistrado sa EPA. Kung walang magagamit na pandisimpekta na rehistrado sa EPA, gumamit ng isang sariwang 2 % na chlorine bleach solution (humigit-kumulang 1 kutsara ng bleach sa isang 1 kuwarts ng tubig). Ihanda ang bleach solution araw-araw o kung kakailanganin. Ang mga test strip ay maaaring gamitin para sukatin ang solusyon para masiguro na ito ay nasa kailangang lebel para makapag-disimpekta.
- Malambot at sumisipsip na mga ibabaw (mga karpit, sopa at iba pa):
 - I-bakyum para tanggalin ang mga alikabok at hindi ito mapunta sa hangin.
 - Maagap na impuntong linisin ang mga talsik ng likido mula sa katawan alinsunod sa mga umiiral na polisiya at pamamaraan.
 - Linisin ang mga nakikitang mantsa/labi sa mga ibabaw na may mga butas (hal. karpit, mga basahan, kasangkapang-bahay, at mga kurtina) gamit ang mga naaangkop na panglinis na itinuturong gamitin sa materyales na iyon.
 - Kung kakailanganin, gumamit ng isang panlinis ng singaw (steam cleaner) sa mga karpit at iba pang may mga butas na ibabaw.

Paglalaba

- Gumamit ng patapon na mga guwantes kapag naghahawak ng maruruming labada.
- Huwag aalugin ang mga maruruming labada.
- Ang maruruming labada mula sa isang taong may sakit ay maaaring labahan kasama ng mga item ng ibang mga tao.
- Labahan ang mga item ayon sa mga instruksyon ng tagagawa. Gamitin ang pinaka-maligamgam na setting ng washer at dryer at tuyuin nang ganap ang mga item.

Novel Coronavirus (COVID-19)

Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County Gabay para sa mga Kawani sa Pag-iingat (Custodial Staff)

- Linisin at disimpektahin ang mga basket ng damit ayon sa gabay sa itaas para sa mga matitigas na ibabaw.
- Tanggalin ang mga guwantes, at kaagad na maghugas ng mga kamay.

Pagtatapon ng basura

- Magsuot ng mga guwantes kapag nag-aasikaso ng mga basura.
- Siguruhin na ang lahat ng basura ay itinapon sa isang plastik na supot o bag.
- Iilagay ang basura direkta sa loob ng isang basurahan.
- Ang mga medikal na basura ay dapat na panghawakan ayon sa iyong umiiral na mga polisiya at pamamaraan.
- Tanggalin ang mga guwantes, at kaagad na maghugas ng mga kamay.

Higit pang impormasyon sa Paglilinis sa mga Setting na Grupo ay makikita sa:

<http://publichealth.lacounty.gov/media/Coronavirus/docs/protection/GuidanceCleaning-English.pdf>

Higit pang impormasyon sa paglilinis sa mga partikular na lokasyon ay makikita sa:

<http://publichealth.lacounty.gov/media/Coronavirus/>